ABISO TUNGKOL SA MGA KARAPATAN NG EMPLEYADO

Sa ilalim ng Earned Sick Time Act (Paid Sick Leave Law) (Batas sa Pinagtrabahuhang Panahon para sa Karamdaman (Batas sa May-bayad na Bakasyon para sa Pagkakasakit) ng Lungsod ng New York, may mga partikular na employer ang dapat magbigay sa kanilang mga empleyado ng may-bayad na bakasyon para sa pagkakasakit. Pumunta sa **nyc.gov/PaidSickLeave** upang alamin kung aling mga empleyado ang saklaw ng batas.

Ang mga employer na mayroong lima o mas marami pang empleyado na kinuhang magtrabaho nang mahigit 80 oras kada taon ng kalendaryo sa Lungsod ng New York ay dapat magbigay ng may-bayad na bakasyon para sa pagkakasakit. Ang mga emplolyer na mayroong mas mababa sa limang empleyado ay dapat magbigay ng walang-bayad na bakasyon para sa pagkakasakit.

Ang mga employer na mayroong isa o mas marami pang kasambahay na nagtatrabaho na nang di bababa sa isang taon at nagtatrabaho ng mahigit 80 oras kada taon ng kalendaryo ay dapat magbigay ng may-bayad na bakasyon para sa pagkakasakit.

Ayon sa batas, ang mga employer na dapat magbigay ng bakasyon para sa pagkakasakit ay dapat ibigay ang nakasulat na abisong ito sa mga bagong empleyado kapag magsisimula silang magtrabaho at sa mga kasalukuyang empleyado sa Mayo 1, 2014.

MAY KARAPATAN KAYO SA BAKASYON PARA SA PAGKAKASAKIT, NA MAGAGAMIT NINYO SA PANGANGALAGA AT PAGPAPAGAMOT NINYO O NG ISANG MIYEMBRO NG PAMILYA NINYO.

BILANG NG BAKASYON PARA SA PAGKAKASAKIT:

- Dapat magbigay ang inyong employer ng hanggang 40 oras ng bakasyon para sa pagkakasakit sa bawat taon ng kalendaryo. Ang taon ng kalendaryo ng inyong employer ay:

  Simula ng Taon ng Kalendaryo: _____ Katapusan ng Taon ng Kalendaryo: _____

- Mga kasambahay: Dapat magbigay ang inyong employer ng dalawang may-bayad na bakasyon para sa pagkakasakit dagdag pa sa tatlong araw na may-bayad na pamamahinga na nararapat sa inyo sa ilalim ng New York State Labor Law (Batas sa Paggawa ng Estado ng New York). Pumunta sa **labor.ny.gov** at hanapin ang "Domestic Workers' Bill of Rights" ("Kalipunan ng Mga Karapatan ng Mga Kasambahay") para sa iba pang impormasyon.

ANTAS NG PAGKA-IPON:

- Makaka-ipon kayo ng bakasyon para sa pagkakasakit sa antas na isang oras para sa bawat 30 oras ng pagtatrabaho, hanggang sa pinakamaraming 40 oras ng bakasyon para sa pagkakasakit kada taon ng kalendaryo.
- Mga kasambahay: Dapat ay nagtrabaho kayo sa parehong employer nang hindi bababa sa isang taon upang maka-ipon ng dalawang araw ng may-bayad na bakasyon para sa pagkakasakit sa ilalim ng batas ng Lungsod. Magbibigay ang DCA ng gabay sa antas ng pagka-ipon sa nyc.gov/PaidSickLeave.

PETSA NG PAGSISIMULA NG PAGKA-IPON:

Magsisimula kayong maka-ipon ng bakasyon para sa pagkakasakit sa Abril 1, 2014 o sa inyong unang araw ng pagtatrabaho, alinman ang mahuhuli.

Pagpupuwera: Kung kayo ay saklaw ng collective bargaining agreement na umiiral noong Abril 1, 2014, magsisimula kayong maka-ipon ng bakasyon para sa pagkakasakit sa ilalim ng batas ng Lungsod simula sa petsa ng pagtatapos ng agreement na iyon.

PETSA NA MAGAGAMIT ANG BAKASYON PARA SA PAGKAKASAKIT:

- Maaari ninyong simulang gamitin ang bakasyon para sa pagkakasakit sa Hulyo 30, 2014 o 120 araw pagkatapos ninyong magsimulang magtrabaho, alinman ang mahuhuli.
- Mga kasambahay: Magbibigay ang DCA ng gabay kung kailan magagamit ang bakasyon para sa pagkakasakit sa nyc.gov/PaidSickLeave.

MGA TANGGAP NA DAHILAN NG PAGGAMIT NG BAKASYON PARA SA PAGKAKASAKIT:

Maaari ninyong gamitin ang bakasyon para sa pagkakasakit kapag:

- Mayroon kayong karamdaman sa pag-iisip o katawan, pinsala, o kondisyon ng kalusugan; kailangan ninyong magpasuri ng karamdaman, kumuha ng pangangalaga, o paggamot ng inyong karamdaman sa pag-iisip o katawan, pinsala, o kondisyon; kailangan ninyong kumuha ng medikal na pangangalagang pang-iwas sa sakit.
- Kailangan ninyong alagaan ang isang miyembro ng pamilya na nangangailangan ng pagsusuri ng karamdaman, pangangalaga, o paggamot ng karamdaman sa pag-iisip o katawan, pinsala, o kondisyon ng kalusugan, o nangangailangan ng medikal na pangangalagang pang-iwas sa sakit.
- Magsasara ang negosyo ng inyong employer dahil sa isang emerhensiyang may kinalaman sa kalusugan ng publiko o kailangan ninyo ng pangangalaga para sa isang bata na nagsara ang paaralan o tagapagbigay ng pangangalagang pambata dahil sa emerhensiyang may kinalaman sa kalusugan ng publiko.

MGA MIYEMBRO NG PAMILYA:

Kinikilala ng batas ang mga sumusunod bilang mga miyembro ng pamilya:

- Anak
- Apo
- Asawa
- Kinakasama
- Magulang
- Lolo/lola
- Anak o magulang ng asawa o kinakasama ng empleyado
- Kapatid (kabilang ang kapatid sa ama/ina, ampon, o anak ng pangalawang asawa ng ama/ina)

PAUNANG ABISO:

Kung nakikinita ang pangangailangan, maaaring hingin ng inyong employer ang hanggang pitong araw na paunang abiso kung binabalak ninyong gumamit ng bakasyon para sa pagkakasakit. Kung hindi nakikinita ang pangangailangan, maaaring hingin ng inyong employer na magbigay-abiso kayo sa sandaling puwede na makatwiran.

DOKUMENTASYON:

Maaaring hingin ng inyong employer ang dokumentasyon mula sa isang lisensiyadong tagapagbigay ng pangangalaga ng kalusugan kung gumamit kayo ng mahigit sa tatlong magkakasunod na araw bilang bakasyon para sa pagkakasakit. Paid Sick Leave Law (Pinagbabawalan ng Batas sa May-bayad na Bakasyon para sa Pagkakasakit) ang mga employer na hinging tukuyin ng tagapagbigay ng pangangalaga ng kalusugan ang medikal na dahilan ng bakasyon para sa pagkakasakit. Ang pagbubunyag ay maaaring hingin ng mga iba pang batas.

HINDI NAGAMIT NA BAKASYON PARA SA PAGKAKASAKIT:

Hanggang 40 oras ng hindi nagamit na bakasyon para sa pagkakasakit ay maaaring dalhin sa susunod na taon ng kalendaryo. Gayunpaman, kailangan lamang pahintulutan ng inyong employer na gamitin ninyo ang hanggang 40 oras ng bakasyon para sa pagkakasakit kada taon ng kalendaryo.

MAY KARAPATAN KAYONG MAGING MALAYA SA PAGHIHIGANTI NG INYONG EMPLOYER SA PAGGAMIT NG BAKASYON PARA SA PAGKAKASAKIT.

Hindi maaaring maghiganti sa inyo ang inyong employer para sa:

- Paghingi at paggamit ng bakasyon para sa pagkakasakit.
- Paghahain sa DCA ng reklamo para sa mga ipinaparatang na paglabag ng batas.
- Pakikipag-usap sa sinumang tao, kabilang ang mga katrabaho, tungkol sa anumang paglabag ng batas.
- Pakikibahagi sa proseso ng korte tungkol sa ipinaparatang na paglabag ng batas.
- Pagsasabi sa ibang tao tungkol sa mga posibleng karapatan ng taong iyon.

Ang paghihiganti ay kinabibilangan ng pagbabanta, pangdidisiplina, pagsisisante, pagbababa ng ranggo, pagsususpinde, o pagbabawas ng inyong mga oras, o anumang iba pang nakasasamang hakbang sa pagtatrabaho laban sa inyo dahil sa paggamit o pagtatangkang gamitin ang anumang karapatang ginagarantiyahan ng batas

MAY KARAPATAN KAYONG MAGHAIN NG REKLAMO.

Maaari kayong maghain ng reklamo sa DCA. Upang kumuha ng form ng reklamo, pumunta sa Internet sa **nyc.gov/PaidSickLeave** o tumawag sa **311** (212-NEW-YORK sa labas ng NYC).

Magsasagawa ang DCA ng imbestigasyon at susubukang tumulong sa paglutas ng inyong reklamo. Pananatilihin ng DCA na kompidensiyal ang inyong pagkakakilanlan maliban kung kailangan ang pagbubunyag upang isagawa ang imbestigasyon, tumulong sa paglutas ng reklamo, o hinihingi ng batas.

Magtago ng kopya ng abisong ito at lahat ng dokumentong nagpapakita ng bilang ng inyong bakasyon para sa pagkakasakit at ang pagka-ipon at paggamit sa inyong bakasyon para sa pagkakasakit.

Tandaan: Itinatakda Earned Sick Time (ng Batas sa Pinagtrabahuhang Panahon para sa Pagkakasakit) ang mga pinakamababang rekisito para sa bakasyon para sa pagkakasakit. Ang mga patakaran ng inyong employer sa bakasyon ay maaaring nakatutugon o lumalampas na sa mga hinihingi ng batas.

May karapatan kayong mabigyan ng abisong ito sa Ingles at, kung nasa website ng DCA, sa inyong pangunahing wika.

Para sa iba pang impormasyon, kabilang ang Mga Madalas na Tinatanong, pumunta sa **nyc.gov/PaidSickLeave** o tumawag sa **311** at humingi ng impormasyon tungkol sa May-bayad na Bakasyon para sa Pagkakasakit.

NYC Consumer Affairs

Bill de Blasio
Mayor

Lorelei Salas
Commissioner